# 1

"Good morning, Daddy!" masayang bati ni Patricia Generalao. Kalalabas lang niya sa lanai, kung saan nakahain ang kanilang Sunday brunch. Lumapit siya sa kinauupuan ng ama at hinalikan ang pisngi nito.

"Good morning, princess," he said affectionately, with love shining in his crinkled eyes. "Bihis na bihis ka yata."

"I have somewhere to rush off to after this," aniya. Naupo siya sa isang eleganteng silya sa kaliwa nito.

"Hindi ka man lang ba magsi-swimming sa pool gaya ng dati, princess?" lambing nito, patukoy sa nakapang-aanyayang crystal-clear pool katabi ng lanai.

Napangiti siya sa pagdagsa ng magagandang alaala. "Maybe next time 'pag wala akong lakad."

Bumalik na ang matanda sa pagbabasa ng dyaryo.

She gracefully crossed her legs under the table. "You know, Dad, I'm already twenty-eight, not three.

Don't you think I'm too old for that nickname," aniya habang kumukuha ng isang pirasong tinapay. Sinalinan ng de-unipormeng maid ng orange juice ang kanyang baso.

Ibinaba nito ang hawak na diyaryo. "Sweetheart, you're my only daughter. You'll always be my princess," lambing nito.

Nakita niya ang hinanakit sa mata nito. She instantly regretted her mindless comment. Hinimas niya ang braso nito at ngumiti. "Fine, Daddy. And you're my *Prince Charming*."

Napatawa ito nang malakas at umalog-alog pa ang bilugan nitong tiyan. Tinampal nito ang huli at sinabing, "That I am not."

Kinuha nito muli ang binabasang dyaryo. At siya naman ay nagpatuloy sa paglalagay ng mantikilya sa tinapay.

Kapagdaka ay tinawag siya nito, "Tricia…"

"Yes, Dad?" Tiningnan niya ito, pero ang mukha nito ay nakasubsob pa rin sa *The Philippine Star*.

"You'd better find your own *Prince Charming*… soon," seryosong anito mula sa likuran ng diyaryo, na para bang nagtatago. "You're not getting any

younger."

Tiyempo namang pumasok ang kanyang ina, si Sabina Del Rio Generalao, sa puntong iyon. Bitbit nito ang isang magarang vase, lulan ang pinakamamahal nitong violet orchids, na muntik na nitong mabitawan sa narinig. Bibihira lang mawalan ng poise ang kanyang pustoryosang ina, na dating *Miss Philippines*.

"Huwag mo nga siyang madaliin, darling. At this day and age, women marry past their thirties. Wala nang huli sa biyahe ngayon," anas nito.

Itinupi ni Santillan Generalao ang diaryo. Nakakunot ang noo nito. "Well, I want to walk her down the aisle. At dahil siya lang ang tanging babae kong anak, she's my only hope. And I might as well get the chance to do it habang hindi pa ako lulugo-lugo."

"Oh Dad, stop it! You're being overly dramatic," malambing na tugon ni Tricia sabay hawi sa kanyang mahabang buhok na may brownish highlights. "And besides, mas malakas pa kayo sa kalabaw."

Nagkatawanan silang lahat. Totoo nga ang sinabi niyang iyon dahil aktibo pa ang matanda sa pagpapatakbo ng kanilang mga businesses. Ang

kanyang ama ang founder ng pinakamalaking realty development company sa bansa at presidente ng *UFG* or *Universal Food Group*, ang kompanya na nagma-manufacture ng canned goods, hotdogs, fruit juices at iba pang daily necessities. Sa katunayan, kinatatakutan pa rin ito ng libu-libo nilang empleyado.

Sa kabila ng kanyang mga ngiti, deep down, napasimangot si Tricia. Medyo nakakayamot na ang mga parinig na kailangan na niyang lumagay sa tahimik. It wasn't her fault na hindi pa rin niya nahahahanap si Mr. Right.

Pero ang punong Generalao ay hindi handang pakawalan ang kanilang topic. "When will you and Santi settle down and follow Lance? He's happily married to Madeleine. At malapit nang lumabas ang apo ko sa kanila. I intend to see the others before I die, you know."

"My God, Santillan, don't talk like that!" bulalas ni Sabina. "Wala pa akong planong mabiyuda."

Halos mabilaukan si Tricia sa mga narinig. Agad siyang uminom ng orange juice. Simula nang malaman ng kanilang ama ang balitang magiging lolo na ito, he had been on their case to pro-create as well.

"Oh hush!" anito, sabay tapik sa ginang, na nakaupo ngayon sa kanan nito. "Wala pa rin akong planong sumalangit anytime soon. I just want the kids to understand my point. Hindi na tayo bumabata. And we need more grandchildren to tickle our hearts habang malakas pa tayo, hindi ba?"

"Speaking of the devil, paparating na si Kuya Santi." Nakita ni Tricia na pababa ng hagdan ang kanyang pinakamatandang kapatid. "Siya na lang po ang kulitin n'yo. Dahil pagdating sa departamento ng pag-ibig, medyo sumisemplang ako ngayon, Dad. Tumataginting na zero ang love life ko."

"That's hard to believe, hija. Hindi ka naman nauubusan ng date. And you're as gorgeous as your mother here, kaya hirap akong paniwalaan na walang lalaking humahabol sa iyo," kunot-noo nitong pahayag.

Tricia gave him a tight smile. "Dates, I have plenty. But nice men who can potentially become my husband, wala akong makita. It's either arogante, hambog, shallow, conceited, materyoso, babaero or a deadly combination of all. Bibihira na lang po ang gaya n'yong complete package."

Halatang hindi ito na-appease sa sinabi niya. Kaya nang mukhang magsasalita muli ito muli, agad

niyang hinalikan ang pisngi nito to silence him. “Don’t worry, Dad, as soon as I find him, ipapakilala ko agad sa iyo.”

“Will you look at that, darling, nape-pressure tuloy si Patricia,” batikos ni Sabina sa mister. “Don’t listen to your father, honey. Enjoy your single-blessedness,” anito sa kanya.

Ismid ang isinagot ni Santillan sa asawa.

At siya naman ay hindi na umimik. Uminom na lang siya muli ng orange juice. Matapos, eksaherado niyang tinitigan ang kanyang wristwatch. “Will you look at the time, it’s nine-thirty. I’ve got to go.” Dali-dali siyang tumayo para lumabas.

“Hija, you haven’t even finished your breakfast.”

“I’m sorry, Ma, I really have to go. I’m late for a meeting,” she said as she smoothed the wrinkles off her khaki slacks.

“But it’s Sunday. We ought to be complete. Darating ngayon sina Lance at Madeleine,” reklamo nito.

“Pakisabi na lang, I’m so sorry. I really need to go. Gaya ng sabi ko kay Dad, may importanteng meeting ako. Next Sunday, promise, babawi ako sa

inyo." Agad niyang hinalikan ang pisngi ng kanyang mga magulang.

"Goodluck, Kuya dear," pilyang sabi niya kay Santi nang makasalubong ito sa pasilyo.

Napakunot ang noo nito. "What for?" lito nitong sambit.

Hindi niya ito sinagot at binatuhan na lamang ito ng halik. After taking several steps toward the main door, nagdalawang-isip siya at sinabing, "Ah basta, you'll need it in there. Dad's on a pro-grandchildren strike again. Good luck talaga!"

---

Patricia felt a twinge of guilt as she drove along EDSA, pero agad niyang ipinalis iyon. She did have a meeting. Well, sort of.

Papunta siya ngayon sa kanyang restaurant, ang *City Lights Bar and Grill*, dahil may special delivery doon na kailangan niyang pirmahan ang invoice. *That was certainly official business*, isip-isip niya.

Truth be told, she could immediately go home after that errand to do some family bonding. Pero matapos ang litanya ng tatay niya kanina, home was the last place where she wanted to be. Her dad's

comments were still grating on her nerves. Pihadong mas magiging prangka pa ang mga parinig nito pagdating ni Mady, ang kanyang beloved sister-in-law, at ng bilugan nitong tiyan.

And besides, mayroon talaga siyang ibang lehitimong appointment. Talaga namang may meeting siya. More specifically, a date. Kung alam lang ng papa niya, matutuwa pa iyon. Naibsan nang kaunti ang turok sa kanyang konsyensya. She smiled smugly. Pero kung gaano kabilis lumabas ang ngiting ito, ganoon rin iyon kabilis naglaho.

But then again, would a date with her computer count?

Naaninag ni Tricia sa salamin ang nakasimangot niyang mukha at napatawa siya nang malakas. And the sound of her laughter filled the car.

Iniling-iling niya ang kanyang ulo. Nababaliw na nga siguro siya. Her pseudo-cyber-boyfriend of six months was driving her insane. Ikinibit niya ang kanyang balikat at tinapakan ang gas pedal. The sooner she got her official responsibilities out of the way, the better.

Ang kailangan niya ngayon ay katahimikan. At hindi niya iyon makukuha sa bahay na puno ng

maurirat ng kapamilya.

"Peace and quiet," hiling niya sa kalawakan. But she was forced to blast her horn on a bus that tried to cut her. Bumulahaw ang ingay ng busina. "Hay! Nananadya naman talaga!" iritang hirit niya sa sarili.

Actually, what she really needed was a hotspot—or wireless Internet access—para sa laptop na nakapatong sa passenger seat. Hinimas niya ang leather bag na kinalalagyan nito at pumasok sa isipan niya ang pigura ng isang makisig na lalaki.

She smiled dreamily as she saw a vision of *Cowboy*, with his long mascular legs, tanned broad-shoulders and super trim waist, riding a horse. At hindi ito isang ordinaryong farm boy. Si *Cowboy* lang naman ang kanyang virtual boyfriend. Virtual sapagkat nakilala niya ito sa mundo ng "virtual reality" o tinatawag na cyberspace. In layman's term, ang Internet.

She didn't know exactly how he looked like dahil never pa silang nagkita. Ni hindi nga niya alam ang tunay nitong pangalan. Ang kanilang mga dates ay palagi sa computer.

Pero tama naman siguro ang imahinasyon niyang

katawan nito, dahil ang sabi sa kanya ni *Cowboy* sa mga chats nila, araw-araw itong tumatakbo sa oval. Two kilometers every single day! Sino ba nama'ng hindi magiging fit and trim sa ganoong klaseng activity? Kung saang oval, hindi niya alam. Pero ilang track ovals lang naman mayroon sa Maynila—sa *Ultra*, sa *University of the Philippines* o sa *Rizal Stadium*.

She tried to imagine his face, pero isang blangko lamang ang lumabas. Kung tama ang suspetya niya, he would have a friendly-looking, smart, and handsome face. Napakatalino nito sa mga pag-uusap nila. He was very witty. No one that confident could be ugly in real life, hindi ba?

Eh, paano kung machong unano pala siya? panunuya ng isang bahagi ng kukote niya.

"Impossible!" she said out loud. She had a nagging feeling that he wouldn't be ugly. Hindi niya alam kung bakit, pero ganoon ang pakiramdam niya. And she was certainly a firm believer of woman's intuition.

Biglang naputol ang kanyang pagmumuni-muni ng isang malakas na busina. Agad niyang tinapakan ang brake. Muntik na niyang makabig ang isang van sa tagiliran. Nakasimangot ang driver nito sa kanya.

Nginitian niya ang mama at binatuhan ito ng halik. Mukha namang naibsan ang inis nito sa kanya. She thanked her lucky stars for her mother's good genes. Nakikita niya araw-araw ang sarili sa salamin at iyon ang pruweba. At hindi rin siya naniniwala sa false modesty. She knew she looked fairly good. Otherwise, hindi siya makukuhang maging print model sa mga magazines.

Napabuntong-hininga si Tricia. If only good looks were enough to snag a great guy, di sin sana ay hindi na niya kailangan ng love affair sa Internet. Ang kaso, beauty was a double-edged sword. Sure, she attracted good-looking guys, but they had equally ugly personalities. At ang iba naman ay gusto siyang gawing trophy girlfriend.

Naalala niya ang kanyang last serious boyfriend three years ago, si Martin. He also came from a well-to-do family, but not as prominent as theirs. Magkakilala sila simula pa noong high school, pero naging seryoso lang ang lahat matapos ang kolehiyo. Ang buong akala niya, ito ang kanyang makakatuluyan.

Pero isang araw, isinama siya nito sa showroom ng BMW sa Makati. He was looking for a new car. Ang hindi makalimutan ni Tricia ay ang sinabi

nito habang naglalaway para sa display na pulang convertible, the most expensive of all, which he could not afford—*"Those who said money can't buy happiness, obviously don't have money. And when we get married, we'll have lots more. Mabibili ko na rin iyan.*"

Isang masamang titig ang ibinigay niya rito. And with that, Martin realized the implication of what he said. Niyakap siya nito at idinagdag, *"But of course, I'll buy it for us. For the both of us to enjoy."*

Hinimas-himas pa nito ang braso niya, pero ang gusto niyang gawin ay hambalusin ito dahil nakakapaso ang mga peke nitong haplos.

She couldn't stop the sagging feeling in her heart. Tama nga ang suspetya niyang ginagamit lang siya nito para mas makaangat pa. At ayaw niyang matali habang buhay sa isang materyosong tuod.

Nakipagkalas agad siya kay Martin nang araw ding iyon. Kahit na ano pang sabihin nitong apology, hindi na niya ito pinakinggan.

At iyon na ang simula ng string of bad luck niya with men. Marahil kasalanan rin niya ang lahat. She was too jaded or too paranoid. Kasi naman, wala siyang nakikilalang lalaking hindi nasisilaw o nai-

intimidate sa kayamanan at posisyon na dala ng kanyang pangalan.

Her standards were not even that high! Ang inaasam lang niya ay iyong lalaking magmamahal sa kanya nang buong-buo.

Nagkibit siya ng balikat at tinapakan ang accelerator. Nangangarap na naman siya. Kahit itong current 'boyfriend' niya, nakatira rin lang sa fantasyland ng computer. And she had no desire to ruin that little bit of happiness with the harshness of reality. Dahil sad to say, dreams don't always live up to reality.

For now, what they share was good enough.

# 2

Abala si Daniel Ilusorio sa pag-update ng network database at pag-set-up ng additional security tags sa data center ng *UFG* company sa Makati. It was Sunday, a day of rest for many, pero hindi para sa kanya.

Kasama sa trabaho niya bilang Head Systems Network Engineer ang i-double-check ang computer system na nagpapatakbo sa buong kumpanya, kasama pati ang mga digital na mekanismo sa mga factories. At itong aspeto ng kanyang trabaho ay magagawa lang tuwing bakante ang buong opisina.

May ilang piling taong umaalalay sa kanya para maging mabilis at maayos ang daloy ng trabaho. Kaya hindi rin ganoon kabigat ang work duties niya. Mas gusto pa nga niya ang ganitong schedule dahil walang traffic kapag Linggo. Ang kanyang day-off ay nabaling sa Lunes, kaya iwas rin siya sa Monday-mad-morning rush.

"Sir, tapos na po akong i-check ang parameters ng mga intranet services. Ano pa ho ang ipapagawa n'yo?" tanong ni Ben, isang junior associate.

“Mag-break ka muna, Ben. Alas onse y media na rin naman,” aniya. “Sabihin mo na rin sa iba, okay lang na mag-early lunch. It’s such a slow day today, anyway.”

“Salamat po, Boss.”

Tumango lang siya at hinarap muli ang kanyang computer. Hindi siya workaholic. Isinara niya ang dokumentong puro numero. Ang totoo, abala siya sa pagtitig sa lower-left corner ng screen. Kanina pa siya distracted kakatingin sa dakong iyon.

Hinihintay niyang bumulaga ang kulay dilaw na smiley-face icon mula rito. Ito lang naman ang literal na nagpapasaya sa kanya. Pagsulpot nito, ibig sabihin, may mensahe na siya mula kay *Princess Charming*.

He smiled at the thought of that delightful woman who was keeping him up half the night. Nakita niya ang pangalan nito nang aksidente niyang mapindot ang buton sa isang chatroom habang nagsi-surf siya sa Internet.

Hindi siya talaga nakikipag-chat and he considered it a waste of time. But there was something about what she wrote in big blue bold letters that caught his attention. Anito: *“Mali si Forrest Gump.*

*Life is not like a box of chocolates. Yes, you'll never know what you're going to get. But most of the time, what you get sure ain't sweet."*

Napatawa siya sa mensaheng iyon. And it just so happened that *Forrest Gump* was his favorite movie. Whoever wrote the statement was having a bad day. Ironic pa ang codename nito, cause she didn't sound charming at all. Hindi niya alam kung ano ang nag-udyok sa kanyang sagutin ito. He signed-up and thought of an equally catchy codename.

So bilang *Cowboy*, sinulat niya ay, *"Your majesty, baka naman ang dila n'yo ang may problema."* Nilagyan pa nga niya ng 'LOL' ang mensahe niya o laugh-out-loud, in Internet lingo.

He didn't expect her to answer, but after some time, he got a private I.M. o instant message from the *Princess* that said: *"Cowboy, the last time I checked, my tongue and all its parts are very much complete."*

At agad naman niya itong sinagot ng: *"How can you be sure? A person can never fully see his tongue, unless gumamit siya ng salamin. And even mirrors play tricks on our eyes sometimes."*

To which she retorted, *"Sige ka, Cowboy, maging pilyo ka. With my mood today, kapag hindi ka tumigil,*

*gagawin kong lengua estofado ang dila mo."*

So tama nga ang unang impresyon niya sa mensahe ni *Princess*. Bad mood ito!

And before he knew it, they were chatting in private. Kung anu-anong topic ang napag-usapan nila nang malaya. Kumbaga sa magkaibigan, it was as if they had known each other all their lives.

Ang alam niya isang self-made, career-oriented girl itong si *Princess*, na may-ari ng sariling restaurant. Ang sabi pa nito, nakakapagluto ito, pero hindi head chef ng restaurant. Ito lang ang nag-conceptualize ng theme at may hawak ng store operations. She was also five years his junior. He also discovered that she loved to read and watch movies like him.

But one thing that touched him most about her was that she was very close to her family. Siya rin kasi, malapit sa kanyang pamilya. Lumaki siya sa Camp Philips, Bukidnon kung saan nagtrabaho ang itay niya bilang supervisor sa *Del Monte Factory*. Dahil may sarili silang mundo sa kampo, malapit siya sa kanyang nag-iisang kapatid na babae, si Anne.

Ngayon, si Anne ay isang nurse sa Amerika. Ang kanyang ama naman ay pumanaw na matapos niyang mag-graduate sa *Unibersidad ng Pilipinas*,

kung saan nakakuha siya ng scholarship. Pilit man kunin ni Anne ang ina nila, ayaw nitong iwanan ang bansang tinubuan. Kaya kahit mayroon siyang opportunities sa abroad, hindi siya makaalis dahil ayaw niya itong iwanan. Magkasama sila ngayon sa kanyang naipundar na two-bedroom condo unit sa may Ortigas.

Isang matinis na "ping" ang pumutol sa pag-iisip ni Daniel. Isang malaking ngiti ang lumabas sa kanyang mukha. Inayos niya ang kanyang salamin, itinuwid ang likod at kinuha ang mouse.

He double-clicked on the smiley-icon, which made the sound as it popped on his computer screen. Ni hindi man lang niya binasa ang mensahe nito. He just tapped the keyboard a few times. At ang tumambad sa screen ay, *"Hello again, princess."*

---

Kinuyakoy ni Patricia ang kanyang mga paa sa ilalim ng mesa. To say she was eager was a huge understatement. Medyo natagalan siya sa *City Lights*, kaya late siya sa kanilang eleven a.m. appointment. Buti na lang, may Wi-Fi access malapit sa isang coffee shop sa kanyang resto. Naroon pa kaya si *Cowboy*?

Mabilis na nag-connect siya sa internet. And

when what she wanted finally came up, she eagerly typed, "I'm sorry I'm late. I got held up at work."

Halos kaka-send pa lamang niya ng mensaheng ito, nang tumambad sa screen ang sagot ni Cowboy. So he was just as excited and eager to hear from her after all. Medyo napasirku-sirko ang tiyan niya sa realisasyong ito.

Hindi naman siya talaga naghahanap ng online affair, nang magsimula siyang mamalagi sa isang friendly chatroom. Pampalipas-oras lang niya iyon. Pero ngayon, heto at matagal-tagal na rin siyang nakipagpapalitan ng mensahe sa isang cowboy. Muli niyang itinipa ang keyboard, *"Akala ko, umalis ka na. I'm sorry talaga."*

*"That's fine. I'm also at work like you. Nakababad sa tapat ng screen, whether I like it or not."*

Her heart sagged a bit at what he wrote. Pero agad din naman siyang nabuhayan nang idinagdag nito, *"Pero I really want to be here with you. You know, you rock my world."*

Tricia blushed like a rose. At nagpasalamat siya sa kanyang mga anghel na hindi siya nito nakikita. *"Ikaw talaga, bolero ka. Kung nariyan ka lang sa tabi ko, kinutusan na kita o piningot ko ang tainga mo.*

*You're like a naughty little boy."*

*"I'd take both, kahit masakit. Pangako, titiisin ko, just as long as you touch me. I've been wondering what that would feel like for a long time. If I was there, hahalikan kita bilang ganti."*

Napasinghap si Tricia. Matagal na rin niyang iniisip ang ganitong scenario. Their past few chats have become more daring and intimate. Dahil hindi nila nakikita ang bawat isa, malaya nilang naipapahayag ang mga gusto. Lumipad ang daliri niya sa keyboard: *"And I'd kiss you right back just as fervently."*

Sa opisina naman ni Dan, napalunok bigla ang lalaki sa reply ni *Princess*. Isa siyang Internet security expert. He had the skills to find her, to get past the codename, and find out who she really was. Kahit na gumagamit sila ng mga generic e-mail addresses, ito ay simpleng bagay ng pagtatala ng network I.P. address at Internet service provider ni *Princess*. And with the data, all he needed to do was make some "courtesy" phone calls to know exactly who she was. Pero hinding-hindi niya iyon gagawin. He would never trade his sense of ethics.

*"Wouldn't that be better in person? Princess, Baby, you tie me up in knots,"* reply ni Dan sa IM.

Kinagat ni Tricia ang kanyang labi. He had been nagging about meeting for the past couple of weeks. Dinedma niya ang tanong nito. Instead, she gave him a sexy answer. *"I could tie you up, if that's what you really want. Game ka ba?"*

Nagsitayuan ang mga balahibo ni Dan sa batok. His mouth went dry and he felt a certain hardness behind his zipper at the thought of being tied to his bedpost. Matagal-tagal na rin since he had been with a woman. Sure he had casual dates, pero walang nabubuong seryosong relasyon. Nakaukit sa isip niya, that he would never find the one…until now.

He repositioned himself to make things comfortable, dahil naninikip ang isang bahagi ng kanyang pantalon. Binago niya ang topic ng kanilang pag-uusap. He could not afford to let things get out of control, dahil nasa trabaho siya. *"Napag-isipan mo na ba ang proposisyon ko?"*

Napalunok si Tricia. How can she not think about it? When she was doing her normal activities, her mind would be flooded by his request to take their relationship to the next level. *"What we have right now is perfect. Ayoko itong sirain. Can't we just go on like this?"*

Ikinuyom ni Dan ang kanyang kamay at

napukpok niya ang mesa. Damn it! She had been dodging him like crazy. Sa trabaho, computer ang kaharap niya. Pati balita, sa online newspapers siya umaasa. Minsan, sa tapat na rin siya niyon kumakain. Pag-uwi rin ng bahay, magko-computer na naman siya dahil nagpapatulong ang inay niyang makipag-chat nang naka-webcam kay Anne. He would be damned if he was going to have a relationship on his computer, too. *"Princess, we already know each other quite well. Ang hindi na lang natin alam ay hitsura ng isa't-isa."*

*"I could be hideously fat, sixty-five, with yucky body odor, you know. Or I could be gay,"* reply ni *Princess*.

Natawa si Dan. "You and I both know that you are not any of those." Ewan niya kung bakit, pero alam niyang hindi ganoon si Princess. No one with that kind of codename would be repulsive. And besides, sa mga kuwento nito, she was very much a modern girl. At kahit ano pa'ng hitsura nito, it wouldn't matter. Ang importante sa kanya ay kung ano ang nasa puso at isip nito.

*"I need time to think about this, Cowboy."*

Hindi mapigilan ni Dan ang sagot niya. Ayaw na niyang tumira sa mundo ng virtual reality. For

him, it was now or never. He couldn't go on like this for it just wasn't enough. *"I'm sorry, pero kung hindi pa tayo magkikita, hindi ko maipapangakong makakapagpatuloy pa ako nang ganito."*

*"No!"* Biglang bumulwak ang asido sa tiyan ni Tricia. She didn't want that to happen. She was so used to having *Cowboy* around to talk to. With him, wala siyang pretenses. There was some kind of wild connection between them, although she didn't know how that exactly happened. Ang alam lang niya, kung biglang maglalaho si *Cowboy* sa buhay niya, parang naputulan na rin siya ng kamay.

*"Then please, let's just see see each other."*

*"Give me more time to digest that,"* aniya. And she thought of another alternative, *"Puwede bang ibigay ko na lang muna ang cell number ko? You can call. At least then, you'll hear my voice. Please, let that be good enough…please."*

Dan caught his breath. The prospect of hearing her voice was invigorating. Kung ganito na ang reaksyon niya sa maliit na bagay na iyon, what more kapag nagkita sila nang harap-harapan. He knew then that he had to be a little bit more patient. *"Okay… but only for now."*

Nanginginig ang mga kamay, inilista ni Dan ang cellphone ni Princess. He couldn't break the happy smile on his face. Ganito siguro ang nararamdaman ng mga nananalo sa lotto.

Tricia typed, *"Call me tonight. Around nine p.m."* And then she immediately logged off and shut down her laptop, bago pa magbago ang isip niya. She still could not believe she actually gave *Cowboy* her number.

Paano kung psychotic axe murderer pala si *Cowboy*? piping gagad ng natitirang matinong parte ng kanyang utak.

Ikinibit na lamang niya ang balikat. She had nothing to lose. Lahat ng mga nakikilala niya ay pawang loser. Another one, if that was what *Cowboy* turned out to be, wouldn't be a huge disappointment.

But as she walked out of the café, there was a certain bounce to her step. Malaking parte talaga ng puso niya ang naniniwala that he wouldn't be like the rest of them.

Ipinagkrus niya ang kanyang mga daliri at sinabing, "Sana nga, sana nga."

# 3

Pumasok si Patricia sa double-doors ng *Santillan Tower*. This was the last place she wanted to be, especially on a Sunday. Bibihira lang siya magpunta sa ‘mothership,’ ang bansag niya sa corporate headquarters ng kanilang pamilya. It served as a formidable reminder of what she had to live up to. Parang napakahirap tuloy i-prove ng sarili niyang kakayahan kung ito ang magiging basehan.

At isa pa, wala kasi siyang business doon. Ang bukod tanging nanghihimasok sa negosyo ay mga lalaki ng kanilang pamilya. Hindi iyon dahil babae siya at hindi welcome sa isang posisyon. Pero iyon kasi ang ginusto niya. She wanted to do something that used her own talents. May kasabihan nga na, make a mark on the world entirely on her own.

Bumuntong-hininga si Tricia at inayos ang shades sa kanyang ilong. “Might as well get this over and done with,” bulong niya sa sarili.

Pauwi na sana siya mula sa café nang tumawag ang kanyang papa at humingi ng pabor. May pinakukuha itong mga papeles sa opisina. Dahil nagkatipun-tipon sila ng mga kuya niya sa bahay, at

may sakit ang sekretarya nito, siya ang naatasang kumuha ng mga dokumento.

"Good afternoon po, Miss Generalao," masayang bati sa kanya ng mga guards.

Nginitian niya sila. "Magandang araw din ho. May ipinakukuha si Daddy sa opisina niya. Puwede ko bang hiramin ang master key n'yo?"

"Ay opo. Tumawag nga ho si Sir. Samahan ko na kayo, Ma'am," anang isa.

"Salamat po, pero kaya ko na."

"Kayo po'ng bahala, Ma'am."

Ibinigay nito ang susi at dumerecho siya sa elevator. Pinindot niya ang fifteenth floor, ang pinakahuling palapag bago ang heli-pad, kung saan naroon ang opisina ng kanyang Daddy.

Nagulat si Tricia nang huminto ang elevator sa ikatlong palapag. She was enjoying the subtle background music inside and didn't expect anyone else to be there. Natawa siya sa sariling reaksyon at naalalang ang mga tulad ni *Cowboy* ay may pasok. Maski nga siya ay nagpunta rin sa trabaho. Nagkibit na lang siya ng balikat at hinintay ang pagbukas ng dalawang pinto.

Patricia felt suddenly small as the shadow of the man standing in front engulfed her. He was tall and beautifully tan. Malaya niya itong tinitigan dahil ikinukubli ng dark sunglasses ang kanyang mata.

Puwede sanang idagdag ang handsome sa listahan, kaso malaki ang simangot nito sa mukha. Nakagiwi tuloy ang salamin nito. At ni hindi man lang siya nito pinansin dahil abala sa pagbabasa ng ilang papeles.

Laking gulat niya nang biglang kumirot ang kanyang paa. "Aray!" hiyaw niya sabay atras nang bahagya.

Natapakan lang naman ng mala-higanteng paa ng kolokoy ang kanyang walang kalaban-labang left foot. Obviously, hindi siya nito napansin. And to think she was wearing sandals. Kawawa naman ang kanyang mga kukong bagong pedicure.

"Sorry," anitong walang anumang bahid ng panghihinayang. Pahapyaw lamang siya nitong tiningnan na parang walang aberya, at pinindot ang buton ng tenth floor. Matapos, itinuon nito ang atensyon sa mga dalang papel.

*Antipatiko!* sigaw ni Tricia sa kanyang utak. Imbis na awayin ito, pinakalma niya ang sarili.

May kasalanan din naman siya because she was too close to the front. Ang buong akala kasi niya, wala talagang ibang sasakay dahil nga Linggo. But heaven help her, she so wanted to kick him.

Umatras si Tricia sa bandang likuran ng elevator, halos isandal niya ang kanyang likod sa pader, sa takot na matapakan siya nitong muli. Doing so gave him a clear view of his back.

Maganda ang tabas ng balikat ng mama. Parang nagwo-workout ito. Bukod pa doon, malapad rin ang likod nito. Naisip tuloy niya, malamang matipuno rin ang dibdib nito.

Bumaba ang mga mata niya. Bakat sa jeans nito ang outline ng mahaba nitong mga binti. At napako ang mga mata niya sa bandang gitna. *And my goodness, what a very nice butt!* Namula siya at nagpasalamat na hindi sila magkaharap.

Naiinis siya sa binata, but then she also found his inattention refreshing. Bibihira lang ang ganito sa 'mothership'. Usually, the employees would attempt to kiss her ass. Malamang hindi siya nito kilala.

Hindi niya alam kung ano ang nag-udyok sa kanya para chikahin ito, gayong hindi nito alam na buhay siya. She inched a little to the left and said,

“Sobrang busy ka naman sa trabaho. Linggo ngayon at—”

“I’m sorry. Miss, I’m not in the mood for small talk,” he cut her abruptly. Ni hindi man lang nito inangat ang mga mata mula sa binabasa.

Pakiwari ni Tricia, isa siyang alikabok sa sahig. Antipatiko nga! At ang pangit ng dagundong ng boses nito sa maliit na kinalalagyan nila.

“Fine!” ngitngit niya. Pinatay niya ito sa tingin.

Because he was standing towards the front to her right, tanaw niya ang profile ng mukha nito. He had a strong jaw line with matching chiseled cheekbones. Medyo baluktot ang ilong nito, but it seemed to match the rest of his face. At bahagyang nakatabing dito ang makapal nitong buhok. She wondered what it would feel like to run her hands through it.

Good Lord! He was hot!

*Tanga! Sayang lang ang laway mo sa masungit na ‘yan!* Nagulantang si Tricia sa kanyang naisip. Staring at him like that, she felt something pull inside her. Mga nagrarambulang emosyon, na lumito sa kanya. She didn’t want him—she didn’t even know him.

Sa kabilang banda, nakadama siya ng guilt feelings. How can she find someone hot behind *Cowboy*'s back? She suddenly felt unfaithful to him, which was very illogical dahil wala naman silang commitment nito. Naloloka na nga siya talaga.

Kasalanan ni *Cowboy* ang kahibangan niyang ito. He toyed with her head and hormones. Ang lalaki sa elevator tuloy ang napagtuunan niya ng pansin. Pinaalala niya sa sarili, Mr. Antipatiko was a regular warm body, nothing more.

Huminto ang elevator sa ika-sampung palapag. Bumukas ang pinto at humakbang palabas ang lalaki. Nagsalita ito, ang tono ay mapanuya, pero hindi naman siya nilingon. “I hope you liked what you saw!”

Napanganga si Tricia. She didn’t even realize he was aware of her. “But of course!” hirit niya sa boses na naging matinis sa asar. “Nice ass…asshole!”

She saw him turn to face her. Pero huli na ang lahat. Tuluyang sumara ang mga pinto ng elevator sa nakaawang nitong bibig.

Pinagalitan ni Patricia ang kanyang sarili. What had gotten into her? Hindi siya ganoon ka-outspoken. Not that Mr. Antipatiko didn’t deserve it.

Pero hindi siya pinalaking basagulera ng nanay niya. Ano na lang ang sasabihin nito kung marinig siya? At ano nama'ng sumapi sa kanya at sinagot niya ang mama nang pabalang?

Isa lang ang naisip niyang sagot. Si *Cowboy*!

The prospect of talking to him later that evening had her adrenaline pumping. She was channeling these feelings to the man on the elevator. Napasimangot siya. Pati estranghero ay napagdidiskitahan niya.

Lulugo-lugo siyang pumasok sa opisina ng kanyang papa. While searching his desk for the documents he needed, her eyes landed on the telephone. Napangiti siya. Marahil ang pag-uusap nila ni *Cowboy* ang magbibigay ng kakaibang sigla't kinang sa kanyang buhay.

---

Padaskol na isinara ni Dan ang pinto sa kanyang opisina sa tenth floor. Who the hell was that rude woman? Ni hindi man lang niya naaninag nang husto ang hitsura nito. Madilim ang sunglasses nito, na halos matakpan ang buo nitong mukha. Ang malas naman niya at nagkasabay sila sa elevator.

"What kind of idiot wears sunglasses indoors

anyway?" galit niyang sambit sa kalawakan, sabay tapon ng mga papel sa mesa. Sumabog ang mga ito sa sahig.

Natigilan siya sa kanyang irrational behavior. The sudden outburst was so unlike him. He was always pretty cool, calm and collected. Pati ngayon, ang walang kalaban-labang babae ay kinaiinisan niya. Unfair dito dahil ni hindi niya ito kilala.

Ipinaraan ni Dan ang kamay sa ulo. Kulang pa ang salitang frustrated para ilarawan ang damdamin niya. To begin with, hindi naman talaga siya inis sa babae. He was pissed because after a pleasant lunch, he got some bad news.

Nagloloko ang isa sa mga mainframe computers na nagpapatakbo ng intranet ng opisina. Siguradong matatagalan siya sa trabaho. And the last thing he wanted was to be late for his phone conversation that night.

Ang balitang ito ang ulan sa maganda niyang araw. Naibsan nito ang saya ng chat nila ni Princess. He closed his eyes and tried to picture her, ngunit ibang larawan ang lumutang sa kanyang isip.

Isang malabong pigura na malaki ang sunglasses at nakasimangot. He tried to remember the details

of the face of the girl on the elevator and how she sounded, pero hindi niya iyon maalala. Kunsabagay, he really wasn't paying close attention.

Biglang sumagi sa isip niya ang huli nitong sinabi, na humuli sa kanyang atensyon. *"Nice ass…"*

Napangiti si Dan. Despite calling him an ass, she still complimented him. Napailing siya. Hindi rin niya masisisi ang babae sa kasungitan nito.

He was partly at fault dahil natapakan niya ito. Aminado siyang tutok na tutok siya sa binabasang papel, kung saan nakalista ang mga files na dapat i-troubleshoot. Hindi rin niya kasi inaasahan na may tao sa bungad ng elevator doors.

Basta ang alam niya, he said he was sorry. Hindi naman siya pinalaking walang modo. Pero, ano pa ba naman ang gusto nito, lumuhod siya? Bigla muling dumagsa ang inis sa dibdib niya, pero agad niya itong pinalis. Hindi na niya pag-aaksayahan ng oras ang babaeng iyon.

Nagtungo si Dan sa harap ng computer at nagsimulang hanapin ang ilang files. Ibubuhos na lamang niya ang atensyon sa trabaho, nang sa gayon, makauwi siya bago mag-alas nueve.

# 4

Maaga umakyat sa kuwarto niya si Patricia matapos ang hapunan. Hindi siya halos nakakain dahil puno ng nagliliparang paru-paro ang kanyang tiyan. At ang utak niya ang walang ginawa kundi lumipad kaya hindi siya makapag-concentrate sa kinakain. Ngayon lang siya nakadama ng ganoong klaseng kaba sa buong buhay niya.

Ni-lock niya ang pinto, kahit alam niyang walang mambubulabog. Maaga matulog ang kanyang magulang at Kuya Santi, lalo na at may pasok kinabukasan. Batid rin niyang walang makakarinig sa kanya dahil sa laki ng kanilang bahay.

She just wanted to be sure they were alone. Kailangan nilang makapag-usap nang masinsinan ni *Cowboy* nang walang distraction.

Tiningnan niya ang cellphone na hawak. Kanina pa niya ito dinouble-check kung puno ng baterya. Ang nakasaad sa digital clock nito, labinlimang minuto matapos ang alas nueve. Bumuntong-hininga siya at inilapag iyon sa tokador. Holding it made her more nervous. “He’s late!” she said irritably.

Binuksan niya ang lampara sa mesita at pinatay ang ilaw. Isinara rin niya ang blinds ng mga bintana. Halos matawa si Patricia sa kanyang inaasal. She was making the room all warm and cozy. Romantic, even. Eh, hindi naman siya makikita nito. He would be safely on the other line, just as she wanted.

*Then why are you nervous like this is your first date?* tanong ng isip niya.

Dinedma niya ang boses na ito at nagpunta muli sa harap ng tokador. Ngayon, kinuha niya ang brush at nagsimulang suklayin ang mala-seda niyang buhok. She was doing it to calm her nerves, but it wasn't working either. Dinilaan niya ang repleksyon sa salamin at pinagalitan ito, "Ang kulit mo, hindi ka nga n'on makikita."

Natawa si Tricia at inilapag ang brush sa pagitan ng cellphone at isang basong tubig. She took a deep breath to calm her jittery nerves. And just as she was about to sit calmly on her bed, saka lumutang sa ere ang ring tone ng cellphone niya hudyat na may tumatawag sa kanya.

Parang muling nagkarerahan ang mga kabayo sa puso niya. Kinuha niya ang phone, pero para siyang istatwa hawak ito. Hindi siya makagalaw. The cold vibrating metal seemed to be echoing her shaking

body.

Hindi pamilyar ang numerong nakatambad sa screen. She assumed it was him. Pinindot niya ang talk button. "Howdy, *Cowboy*!" she said rather breathlessly.

And she was amazed that her voice actually worked. And it didn't sound anything like her at all. Ang nagagawa nga naman ng nerbiyos!

She didn't mean for her voice to be seductive, pero iyon ang dating ng boses ng babae kay Dan. Napalunok ang binata na kasalukuyang nasa isang condo unit sa Ortigas. Parang gustong sumabog ng dibdib niya nang sabihin ng dalaga ang kanyang pangalan. Well, his codename, pero para sa kanya it was just as good as the real deal. "Hello, *Princess*!"

Nanuyot naman ang lalamunan ni Tricia. His voice was like bourbon—extra strong, steamy, hot, and fiery. She closed her eyes and reveled in all its masculinity. Bumalik sa isip niya ang mga mensaheng pinagpalitan nila, especially the last few intimate ones. She felt her body quiver at napakapit siya sa tokador.

Nang hindi siya agad sumagot, nag-aalala nitong sinambit, "Are you still there, *Princess*? I'm sorry late

ang tawag ko. Nagkaproblema sa trabaho."

It was at the tip of her tongue to tell him her real name. Subalit pinigilan niya ang sarili. Weird din para sa kanyang gamitin ang Internet codename nito. Pero pakiramdam niya, it wasn't the right time. Tumango siya, at naalalang hindi siya nito nakikita. "Yes, I'm here. And that's all right."

"It's just as I imagined," ani Dan. Napangiti siya at sumandal sa silya. He could finally relax. Hindi siya babagsakan ng prinsesa. Ang suwerte rin niya at tiyempong nakitulog ang nanay niya sa bahay ng kaibigan nito.

"What did you imagine?" takang tanong ng dalaga.

"Ang boses mo." Ipinikit ni Dan ang mga mata, para namnamin ang nakakahalinang boses na iyon. It was caressing his ear. "Minsan, kapag nagcha-chat tayo, iniisip kong kinakausap mo ako. But you know what, it's even better. Much better than in my fantasy."

Napakurap si Tricia. Ngayon, alam na niya ang tunay na kahulugan ng bedroom voice. His voice made her think of all things sexy like lace, silk and satin. "I love your voice, too," she said evenly, trying

to calm her raging hormones. “What we have, it’s getting pretty intense.”

And then she gave a small laugh to clear the air. Nagulat siya sa kanyang narinig. She almost did not recognize the husky sound of her own voice.

Napalunok muli si Dan. He shifted uncomfortably and felt his growing manhood. Inilagay nito ang libreng kamay sa batok para maibasan ang namumuong tensyon. “Something tells me, it can get more intense.”

Nang hindi siya sumagot, nagpatuloy ito. “Describe yourself to me, *Princess*, please.”

Natahimik si Patricia nang ilang segundo. Hindi niya alam ang kanyang sasabihin. She never had done this before. Bumuntong-hininga siya at pinaunlakan ang hiling nito. “Well, I have long straight hair. Hindi rebonded, ha. At sabi ng marami, mana daw ako sa mommy ko. May dugo siyang Kastila. That should tell you well enough how I look. Eh, ikaw?”

Napatango si Dan. Pinilit niyang inilarawan sa utak ang mukha ng kausap pero hindi siya magtagumpay. All he knew was, tama ang orihinal na impresyon niya kay *Princess*. Pretty itong prinsesa. “Okay, it’s my turn. I’m taller than the average

Pinoy, pero ang balat ko ay ordinaryong brown. Kayumanggi na pinapuputi ng marami. I'm not that good-looking. Malabo ang mga mata ko, dahil siguro sa kakababad sa computer."

At nagkatawanan silang dalawa.

"You know, *Princess*, you can be a better judge of me kapag nagkita na tayo. So how about meeting?" derecho nitong tanong sa kabilang linya.

Nawala ang ngiti sa mukha niya. "Please, *Cowboy*, I'm not ready to take that step yet," she said urgently, willing him to understand.

Nanahimik ang linya.

She paced her room, afraid of his answer. She wanted to continue what was going on between them, but she wasn't ready for that kind of reality.

Matapos ang ilang segundo, na para kay Tricia ay isang libong minuto, sumagot si Cowboy. "Okay. Wala naman akong magagawa, hindi ba?"

Halos lumundag ang puso ni Tricia sa tuwa sa desisyong iyon. And in her excitement, she stretched out her free hand. Natabig niya ang baso ng tubig sa tokador. Lahat ng laman niyon ay tumapon sa kanyang puting t-shirt. Buti na lang at hindi nabasag

ang baso. “Shoot!”

Nakarinig si Dan ng maliit na aberya mula sa kabilang linya. “Ano’ng nangyari? Are you okay?” alala nitong sambit.

“I’m fine, Cowboy. Natapon lang ang tubig sa t-shirt ko. Para akong naligo. I’m soaking wet. Really wet,” she said without thinking.

*Really wet*, anang isang boses sa tainga ni Dan. He squirmed at the thought of her wetness. He felt the fire in his belly turn into a raging inferno. He gave a deep rumbling laugh. He opened his mouth to calm her, pero ibang mga salita ang lumabas, “Let’s take off your shirt then.”

Muntik nang matalisod si Tricia sa sinabi nito. And then, the enormity of what she told him sank in. She felt her face begin to burn. At ang init na iyon ay naglakbay patungo sa kanyang puson. She answered him naughtily, “Why don’t you help me, *Cowboy*?”

She knew she was being brazen, only because she hadn’t met him. Akala niya kapag nagkausap sila, that dose of reality will put a damper on their insane online affair. She was hoping pangit ang boses nito para maibsan ang pagkahumaling niya.

Pero mali siya. Maling-mali. Voice to voice, they were spontaneously combusting.

"What are you wearing?"

Napalunok siya. She didn't know what possessed her to answer him. "My wet shirt. And pink short shorts. Not much else, really. I was getting ready to go to bed."

Dan groaned and pictured her on his bed. "Gusto kong alisin mo ang T-shirt mo," utos nito. "I want you to make yourself happy. I want you to touch yourself—"

Muntik mahulog ni Tricia ang cellphone. At naramdaman nito ang kanyang pag-aalangan. "I'm sorry. Na-offend ba kita? It's just that you've been driving me crazy for a long, long time now. We'll do whatever you want. Kung gusto mong itigil natin ito, okay lang," sabi ng boses sa kabilang linya.

Iniling ni Tricia ang kanyang ulo. Pinilit niyang pairalan ang matinong pag-iisip. He was asking her to do something new, wild and daring. Hindi niya alam ang dapat isagot. Ipinikit niya ang kanyang mga mata, willing the answer to come.

"I'm sorry, baby. I got carried away," he said desperately.

She heard the catch in his voice. He wanted her, needed her. She felt suddenly feminine yet powerful. Wala na siyang lakas para labanan ang udyok ng kanyang laman. She reminded herself that her daring online persona, *Princess Charming*, would have no problems with his request. Pinilit niyang gawing normal ang boses niya, but her excitement creeped out. "We don't have to stop, *Cowboy*…"

Nakahinga nang maluwag si Dan. Ni hindi man lang nito namalayan na napahugot siya ng hangin, habang hinihintay ang sagot ng dalaga. "I want you to take off your shirt, *Princess*."

"I already took it off, *Cowboy*," sagot niya. "I'm down to my lacy bra and shorts. Pero basa rin ang bra ko. Ngayon, pati panty ko. Will you take them off for me?"

Dan almost growled at the thought of her wet panty. "Oh yeah, baby…"

"I want you to touch yourself. Come. Tutulungan kita. We'll help each other," aniya. Pinatay na ni Tricia ang lohikal na parte ng utak niya. Susundin na lang niya ang udyok ng kanyang damdamin. She felt awkward talking this way, pero sa kabila nito, nagpatuloy pa rin siya. "We'll make each other happy."

Ipinasok ni Dan ang libreng kamay sa ilalim ng kanyang boxer shorts. He was hard, pumped and ready. “Oh Princess, please, don’t stop talking…”

This feeling of total abandon was empowering. And for once, she felt absolutely free. She took off all her clothes and flung them on the floor. “I’m naked now. Nakahiga sa kama, pero nasa ilalim ng kumot. Iniisip kita, at kung ano ang ginagawa mo. I wish I could wrap my hands around you. I’ll take you in my mouth and taste you.”

Wala siyang narinig na sagot maliban sa isang ungol. A very appreciative masculine groan. Hinimas niya ang kanyang hita. “I’m touching my thigh, cowboy. It’s so soft. I’m so hot, baby. So wet and ready…”

“Oh, babe, don’t stop. Please…don’t!”

“Tell me, what do you want? Saan kita dapat hawakan? What are you going to do to me?” she asked in rapid succession.

“Take your fingers and run them all over your stomach. Then go down ever so gently. That’s me kissing you in your most sensitive spot.”

Sinunod ni Tricia ang ipinagawa nito. Napaliyad siya sa sarap. She imagined his skin branding hers.

Napaungol siya. “That feels so good!”

At ang mga ungol ng dalaga ay naglakbay sa mga linya na siyang umengganyo kay Daniel. Binilisan nito ang paghimas sa sarili. Tantiya nitong malapit na nilang marating ang rurok ng kaligayahan. They were both losing their ability to talk. Pawang mga singhap at ungol ang maririnig sa linya ng telepono. They were both chanting each other’s names passionately.

“I’m riding you, *Cowboy*!”

“Yes, baby, do that. Fast and hard,” sagot ni Dan, consumed by his own need for her.

“Oh yes!” she cried wildly.

Halos mahulog ni Dan ang cellphone nang marinig nitong narating niya ang langit. At wala na rin itong nagawa kundi magpaubaya sa udyok ng katawan. He allowed himself to fall into his own wonderful release.

Napangiti si Patricia. Hearing the most intimate sound he made while coming was exhilarating. Ipinalis niya ang kumot na tumatabing sa kanyang kahubaran. She was free now. Although, she felt like a giddy-school girl, lying there naked on her bed. At hindi siya makapaniwala sa ginawa niya…nila.

They just had phone sex. The most amazing phone sex! She laughed at this insanity.

"Share the joke, baby," lambing ng boses mula sa kabilang linya. "Ano'ng nakakatawa?"

"Wala. Natutuwa ako. That's the better word. This is so much fun. I've never done that before," tapat niya. Yes, she was no Virgin Mary, pero hindi rin naman siya ganito ka-daring.

"That makes two of us then," anito. "Ngayon ko rin lang ginawa ang kabaliwang ito. But I'm not regretful. I hope ikaw din. We inspire each other."

"Yes," pagsang-ayon niya sa kausap. Regretful? No way! Kahit hindi pa sila nagkikita, he had found a way to touch her where no one ever had before.

"I'm glad, *Princess*, baby. You were wonderful."

"We both were," aniya. At nagkatawanan sila.

When the laughter died, Dan had the courage to finally ask, "Alam kong nakukulitan ka na sa akin. But I have to be honest, after tonight mas lalo pa kitang gusto makilala—"

"*Cowboy,* I—"

Pinutol siya nito. "Let me finish muna, baby.

What I'm trying to say is, I'll wait. Hindi na kita kukulitin. Just promise to think about the prospect of meeting. Kahit 'no' ang isagot mo. I'll just wait."

Parang pumalakpak ang tainga ni Tricia sa konsiderasyon nito. She was actually on the verge of saying she wanted them to meet. Useless rin naman ang magpakeme, matapos ang namagitan sa kanila. Pero hindi iyon ang sinabi niya. A few more days of anticipation would be good for the two of them. Hindi pa rin siya handang i-give-up ang kanilang somewhat anonymous but ultra amazing relationship.

"Thanks for understanding, Cowboy. I promise to think about it," sinserong pahayag niya. "A kiss good night for you."

"Hep, teka muna, your royal highness. Bago natin ibaba ang phone, don't you think we've earned each other's names. After what we shared and all?" umaasang tanong ni Dan.

Napangiti si Patricia. Matapos ang kanilang pinagsaluhan, it would indeed be weird to keep calling him Cowboy. But then she wasn't ready to let go of an air of mystery. "Tracy," bulong niya.

As selfish as it may sound, she wanted to reserve

a little of her identity. Tracy was close to Tricia, so it should be good enough. Besides, ito ang palayaw niya noong kindergarten. She consoled herself with those reasons. "Tracy ang pangalan ko," ulit niya.

"Tracy," he said ever so softly, allowing it to roll on his tongue.

Tumayo ang mga balahibo ni Tricia sa buong katawan, nang sabihin nito ang pangalan niya. It was as if he was eating her alive. Sa baritono nitong boses, he made her name almost melodious.

"Tracy. I like it. Bagay sa iyo," pagpapatuloy nito. "Good night, my Princess Tracy."

"Hey! Not so fast, buster," mabilis niyang sagot. "Ano'ng sa iyo?"

His reply was a deep throaty chuckle, that warmed her insides.

"Madaya ka naman, eh. Ano nga ang pangalan mo?" ulit niya.

"Dan. Just plain Dan."

"Nice," she said. "Good night, just-plain-Dan."

They both went to sleep wearing lazy satisfied smiles on their faces.